PAGTATANIM NG PUNO SA INYONG KALYE

Ang Vancouver ay magtatanim ng mahigit sa **3,000 puno sa kalye** sa susunod na dalawang panahon ng pagtatanim. Ang Lee's Trees Ltd. ay kinontrata upang magtanim ng mga puno sa mga kalyeng tulad ng sa inyo.



ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

Ang mga karatulang 'No Parking' ay ilalagay sa tabi ng mga lugar na pagtataniman **isang araw bago** magsimulang gumawa ang mga trabahador at mananatili hanggang matapos ang pagtatanim. Mangyaring sundin ang mga ito: ang mga sasakyang naka-kasagabal sa trabaho ay hahatakin sa kalapit na lokasyon.

Nob. 2026 - Dis. 2027
Panahon ng pagtatanim

Tinatayang dalawang (2)
Karaniwang oras ng pagtanim ng puno sa bawat lokasyon

Dalawang taong warranty
kasama ang pagdidilig kapag tag-init

ANO PA ANG AASAHAN

- Kasama sa mga pansamantalang epekto ang **mga sasakyan ng mga trabahador, kagamitan at mga panandaliang paghihigpit sa paradahan**.
- **Isasaayos muli** ng mga trabahador **ang boulevard** matapos magtanim.
- Ang mga lugar na pagtataniman ay karaniwang mamarkahan ng **puting "T" sa gilid ng bangketa.**
- Mangyaring **alisin ang mga personal na gamit mula sa boulevard**, tulad ng mga dekorasyon o landscaping, sa lugar na pagtataniman.

MAY MGA TANONG O MGA ALALAHANIN? Tumawag sa 3-1-1 | Van311 app

PAGTATAYO NG ISANG MATATAG NA KAGUBATAN SA LUNGSOD

Nagsusumikap kaming palawakin at pag-iba-ibahin ang mga canopy ng lungsod upang isulong ang mga pagkilos sa Urban Forest Strategy, na inuuna ang pagtatanim ng mga puno sa kalye sa mga kapitbahayan na may mas mababa sa karaniwang sakop ng kagubatan sa lungsod.

PAANO PINIPILI ANG MGA PUNO

Iba't ibang espesye ang sumusuporta sa isang matatag na kagubatan sa lungsod, na pinili para sa:

- Katatagan sa pagbabago ng klima, tulad ng matagalang tagtuyot
- Espasyo para sa paglaki ng sanga at ugat, sa ibabaw at ilalim ng lupa
- Estetika at pagiging tugma sa mga kalapit na puno
- Resistensya sa mga insekto at sakit
- Pagkakaroon nito sa mga lokal na nursery



PAANO KAYO MAKATUTULONG

Ang mga batang puno ay nangangailangan ng karagdagang suporta upang maging matatag. Pagkatapos ng dalawang taong warranty at panahon ng pagdidilig, maaari kayong tumulong sa pamamagitan ng **pagdidilig ng mga batang puno tuwing tagtuyot** o **pag-aampon ng isa** sa inyong kapitbahayan.

Mag-ampon ngayon: vancouver.ca/adopt-a-tree



GREEN MUNICIPAL FUND
FONDS MUNICIPAL VERT
A program of Un programme de la FCM
Funded by Financé par Canada

Matuto pa:
vancouver.ca/street-tree-canopy-expansion

Pinondohan ng Pamahalaan ng Canada sa pamamagitan ng Green Municipal Fund ng Federation of Canadian Municipalities (Growing Canada's Community Canopies) at ng Lungsod ng Vancouver.

VANCOUVER BOARD OF PARKS AND RECREATION